



Ang Dapat Mong Malaman Tungkol Sa Pag-inom Ng Mga Gamot sa Tuberkulosis?

Ang pag-inom ng mga gamot upang patayin ang mga mikrobyo ng TB ay

nakakagamot ng sakit na TB.

Ang mga mikrobyo ng TB ay malalakas. Kailangan mong uminom ng gamot sa maraming buwan upang makatiyak na lahat ng mikrobyo ng TB ay namatay. Sundin ang mga tagubilin ng iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan sa pag-inom ng iyong mga pildoras. Tandaang inumin ang iyong mga pildoras. Kakausapin ka ng iyong tagaserbsiyo ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa **Tuwirang Inoobserbahang Panlunas (Directly Observed Therapy (DOT))**. Ang DOT ay nangyayari kapag ang tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan ay nasa tabi mo kapag umiinom ka ng mga pildoras para sa TB. Ang DOT ay puwedeng gawin sa oras at lugar na maginhawa sa iyo. Ginagawa ng DOT na madali para sa iyo na inumin ang mga pildoras para sa TB.

Huwag ititigil kaagad ang pag-inom ng iyong mga pildoras. Kahit na maaaring magsimulang bumuti ang iyong pakiramdam sa loob ng ilang linggo, ang TB ay maaaring bumalik. Mahahawang muli ng iyong TB ang ibang mga tao.

Sabihin sa iyong tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw ay umiinom ng anumang ibang mga gamot. Kabilang dito ang mga gamot, bitamina at damong-gamot na binibili mo nang walang reseta. Iwasan ang pag-inom ng serbesa, alak o inuming nakakalasing habang umiinom ng mga gamot sa TB. Sabihin sa iyong tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw ay buntis, nagpapasuso ng sanggol o umiinom ng mga pildoras sa pagpigil ng pagbubuntis. Sabihin sa iyong tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan kung ikaw ay may mga problemang pangkalusugan bukod sa TB.

Mga karaniwang gamot pora sa tuberkulosis ay ang mga sumusanod:

- Isoniazid (INH)
- Rifampin
- Pyrazinamide (PZA)
- Ethambutol

Ang mga gamot sa TB ay karaniwang ligtas.

Kakaunting tao ang nagkakaroon ng di-hangad na epekto. Kung may mga problema kang nakalista sa ibaba, dapat kang tumawag o makipagkita kaagad sa iyong tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan.

- Pagkawala ng ganang kumain
- Pagsusuka
- Sakit ng tiyan
- Alibadbad
- Paninilaw ng iyong mga mata o balat
- Pangingilabot sa iyong mga daliri ng mga kamay at paa
- Pangingilabot o pamamanhid sa paligid ng iyong bibig
- Panlalabo ng paningin o pagbabago sa iyong paningin
- Pagkahilo
- Pananakit ng mga kasukasuan
- Lagnat na lampas na ng 3 araw
- Singaw ng balat
- Madaling magdugo
- Madaling magkapasa

Kung umiinom ka ng Rifampin, dapat mong malaman na:

- Ang iyong ihi, laway, o luha ay maaaring maging kulay-dalandan.
- Ang iyong malalambot na contact lenses ay maaaring magkaroon ng mantsa. Ito ay puwedeng mangyari **nang napakabilis!** Huwag magsusuot ng malalambot na contact lenses kapag umiinom ng rifampin.
- Ang iyong balat ay maaaring maging mas maramdamin sa araw. Gumamit ng panala ng araw (sunscreen) at takpan ang balat na maaaring mahantad sa araw.
- May mga paraan ng pagpigil ng pagbubuntis **na nababawasan ang bisa** kapag ikaw ay umiinom ng rifampin. Ang mga babae ay dapat gumamit ng pantulong na paraan ng pagpigil ng pagbubuntis, tulad ng mga kondom, habang umiinom ng rifampin.

Kung ikan ag may katanungan tumawag sa Departamento ng Kalusugan o sa inyong doctor.

Pangalagaa ang iyong sarili, iyong pamilya at mga kaibigan laban sa TB.

Tapusin ang paggamot sa iyong TB!

Text - TB Control and Prevention Program, Division of Disease Prevention, Virginia Department of Health 11/8/02
www.vdh.virginia.gov/epidemiology/DiseasePrevention/Programs/Tuberculosis/index.htm

This work is licensed under the Creative Commons AttributionNonCommercial-NoDerivs License
<http://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/2.5/>

A Healthy Roads Media project

www.healthyroadsmedia.org

What you Should Know About TB Meds – Tagalog (Reviewed 10/2006)